



**PINAPANATILING
MALUSOG ANG INYONG
MGA ALAGANG HAYOP
SA PANAHO NG
COVID-19**



COVID AT MGA HAYOP

Natututo pa rin tayo tungkol sa virus na nagdudulot ng COVID-19, pero lumilitaw na puwedeng mahawahan ng mga tao ang mga hayop sa ilang pagkakataon. Ang ilang alagang hayop, kasama na ang mga pusa at aso, ay nagpositibo sa virus na nagdudulot ng COVID-19, karaniwan na pagkatapos makasalamuha ang mga taong may COVID-19.

Ang mga nahawahang hayop ay puwedeng magkasakit, pero karamihan naman ay katamtaman lang ang sintomas at gumagaling. Marami sa mga nahawahang hayop ay walang anumang sintomas.

Sa ngayon, walang ebidensiya na nahahawa ng mga hayop na may COVID-19 ang mga tao.



KUNG MAYROON KANG COVID-19 O NAKASALAMUHA NG MAY COVID-19

Makitungo sa mga alagang hayop kung paano ka nakikitungo sa iba pang kasama mo sa bahay para hindi mahawa ang mga ito.

- Ipaubaya sa ibang kasama mo sa bahay ang pag-aalaga sa alaga mo.
- Huwag palabasin ng bahay ang alaga mo, kung posible, at huwag itong hayaang gumala-gala.

KUNG KAILANGANG IKAW ANG MAG-ALAGA SA ALAGA MO

- Iwasan ang close contact sa mga ito (huwag yakapin, halikan, itabi sa pagtulog).
- Mag-mask kapag malapit sila sa iyo.
- Maghugas ng kamay bago at pagkatapos silang bigyan ng kailangan nila o hawakan ang mga gamit nila (pagkain, pakainan, laruan, at iba pa).

W UNIVERSITY of WASHINGTON



KUNG MAY SINTOMAS ANG ALAGA MO

Kasama sa mga sintomas sa mga hayop ang pag-ubo, pagbahing, pagiging matamlay, hirap sa paghinga, lagnat, may lumalabas sa ilong o mata, pagsusuka, at/o pagtatae.

Ang mga sintomas na ito ay karaniwan nang hindi dahil sa COVID-19, pero kung mukhang may sakit ang alaga mo:

- Tumawag sa beteryaryo.
- Ilayo ang mga ito sa ibang hayop.

Laging tumawag muna sa beteryaryo bago dalhin ang alaga mo sa klinika, kahit na wala kang sakit.

TANDAAN

Nababawasan ng bakuna kontra COVID-19 ang pagkalat ng COVID-19 at nagbibigay ito ng proteksiyon sa iyo at sa mga kasama mo sa bahay, pati na sa mga alaga mo.

Magpabakuna kapag ikaw na ang babakunahan.

Puwedeng mahawa ng mga hayop ng ibang sakit ang mga tao, kaya tandaan na regular na maghugas ng kamay kapag inaalagaan sila at iwasan ang mga ligaw na hayop.



Developed resources reported in this publication are supported by the National Library of Medicine (NLM), National Institutes of Health (NIH) under cooperative agreement number UG4LMO12343 with University of Washington. The content is solely the responsibility of the authors and does not necessarily represent the official views of the National Institutes of Health.